
PARA SA MGA KAPWA KO BATA, TAYO NGAYON AY NABUBUHAY SA ***MAKABAGONG HENERASYON*** KUNG SAAN ***INTERNET*** ANG GINAGAMIT NG KARAMIHAN. KAYA NAMAN KAILANGAN NATIN NG PAGGABAY NG ATING MGA KUYA, ATE, O MGA MAGULANG SA TAMANG ***PAGGAMIT*** NITO.

TAYO AY MAG-**HTA** SA ***ONLINE SPACES:*** SA MGA ***WEBSITES*** NA BIBISITAHIN, SA ***SOCIAL MEDIA,*** AT SA ***INSTANT MESSENGER.***

**ISINULAT NI:**
CRIS JON GERAGA

**IGINUHIT NI:**
TOTO MADAYAG




HINDI
DAPAT AKO SUMAGOT SA BAWAT KOMENTONG HINDI KO NAGUSTUHAN
panget mo naman
KAPAG NAKATANGGAP NG MASASAMANG KOMENTO AY 'WAG NATING SAGUTIN AGAD-AGAD.
MAG-LOG OFF AT ISUMBONG SA MAGULANG ANG MGA ITO.
MAS ALAM NILA KUNG ANO ANG TAMANG REAKSYON SA GANITONG MGA BAGAY.


TITIGILAN
KO ANG MAPAGSAMANTALANG MGA TAO SA SOCIAL MEDIA AT INSTANT MESSENGER
MATUTONG MAG-BLOCK NG MGA TAONG NANGHIHINGI NG IYONG ACCOUNT ID AT PASSWORD, KAARAWAN, O HOBBIES.
'WAG NA 'WAG MAKIPAGKITA SA TAONG NAKILALA LANG ONLINE.
hi, pwede tayong magmeet?
You are not friends with this person.
If you reply, they will be able to call you and see your personal information.
I don't want to hear from this person
Aa
HUMINGI NG TULONG SA MGA MAGULANG KUNG HINDI SIGURADO O KUNG NAKAKARAMDAM NG PANGANIB.
Block



AYOKONG
MAGBIGAY NG *PERSONAL NA IMPORMASYON* SA MGA PEKENG WEBSITES O TAONG MAY MASASAMANG BALAK
HUWAG ***MAGBUKAS*** NG EMAIL NA MULA SA MGA TAONG 'DI MO KILALA.
From: <easymoney@przph.com>
CONGRATULATIONS!
You just won P150,000 in our online raffle!
To claim, please provid
ALAMIN DIN KUNG *TUNAY O HINDI* ANG MGA WEBSITE NA BIBISITAHIN.
http://fazebook.org
Log in now
Email address or phone number
Password
Log In
'WAG MAGBAHAGI NG *ACCOUNT DETAILS* O *PERSONAL NA IMPORMASYON* NA MAAARING MAGAMIT SA *IDENTITY THEFT* O IBA PANG KRIMEN. *I-REPORT* ANG MGA ITO.
Help & Support
Community
Report a Problem
Terms & Policies

NAPAKALAKING ***TULONG*** NG INTERNET SA PAG-AARAL. ITO AY NAGIGING ***MASAMA*** LAMANG KAPAG ITO AY ***INAABUSO*** NATIN, KAPAG LUMALAMPAS TAYO SA ATING ***LIMITASYON,*** O KAPAG GINAGAMIT NATIN ITO SA ***MALING PAMAMARAAN.***

SA SOCIAL MEDIA AT IBA PANG ONLINE SPACES, **HTA**, ***DISIPLINA, AT RESPONSIBILIDAD*** ANG KAILANGAN.

